**Mga Umiiral at Panukalang Alituntunin**
**para sa Pagpapalaganap ng Pantay Pantay na Pagtingin sa Iba't Ibang Lahi**

## Awtoridad ng Ospital

Ang Awtoridad ng Ospital (HA) ay isang sangay ng batas na binuo sa ilalim ng Ordinansa para sa Awtoridad ng Ospital (Cap. 113), na syang namamahala ng lahat ng pampublikong ospital sa Hong Kong. Ang HA ang syang nagbibigay ng serbisyong medical para sa pagpapagamot at rehabilitasyon sa publiko sa mga ospital, mga klinika para sa mga pasyenteng hindi kailangang manatili sa ospital, mga espesyal na klinika para sa mga pasyenteng hindi kailangan manatili sa ospital at mga serbisyo para sa pagtulong sa publiko.

| | |
|---|---|
| Mga Kabilang na Serbisyo | ● Ang HA ay nangangasiwa ng 43 na pampublikong ospital at institusyon, 49 na espesyal na klinika para sa mga pasyenteng hindi kailangang manatili sa ospital, at 74 klinikang pangkalahatan para sa mga pasyenteng hindi kailangang manatili sa ospital. Ang mga naturang establisimyento ay nakapulong sa 7 pangkat ng ospital ayon sa kanilang lokasyon.<br><br>● Sinisiguro ng mga pangkat ng ospital na ang mga pasyente ay makakatanggap ng patuloy na mataas na kalidad ng pag aaruga sa lugar at sa pangkabuuang sakit - mula sa pinakamalalang yugto hanggang sa paggaling, rehabilitasyon, at patuloy na pag aaruga sa komunidad pagkatapos gumaling. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng tamang pagtatalaga ng mga operasyon ng mga ospital sa bawat pangkat, upang magkaroon ng komprehensibo at pantay na saklaw ng serbisyo na maaaring maibigay sa komunidad.<br><br>● Polisiya ng HA ang itaguyod at protektahan ang kaligtasan ang ating komunidad. Ang serbisyo para sa pampublikong pangkalusugan ay maaaring magamit ng lahat ng miyembro ng publiko anuman ang kanilang lahit at pangkat etniko. Ang mga tukoy na alituntunin ay isinaayos upang pangasiwaan ang mga minoridad na pangkat etniko upang magamit ang mga serbisyo para sa pampublikong pangkalusugan. |

Mga Umiiral na Alituntunin

- Upang masigurong natutugunan ang pangangailangan ng iba't ibang lahi, Ang serbisyo para sa interpretasyon ng wika ay inihanda sa mga pampublikong ospital at klinika ng HA sa pamamagitan ng kontratista para sa naturang serbisyo, malayang trabahador na nagbibigay ng interpretasyon para sa Administrasyon ng Hukuman at opisina sa konsulado. Ang mga serbisyon para sa interpretasyon ay mayroong 17 wika[1] (kabilang ang Arabic, Bahasa Indonesia, Bengali, French, German, Hindi, Japanese, Korean, Nepali, Punjabi, Pushto, Sinhala, Spanish, Tagalog (Philippines), Thai, Urdu at Vietnamese).

- Para sa mga serbisyong kinakailangan ng nakatalagang araw (tulad ng pagtalaga ng oras para sa serbisyong medikal ng mga espesyalista at pangkalahatang klinika para sa mga pasyenteng hindi kailangang manatili sa ospital), ang mga pasyente ay kailangang magbigay ng sulat ng kahilingan sa mga ospital at klinika ng maaga. Para sa mga hindi nakatalagang araw ang serbisyo (tulad ng pagpasok sa ospital sa oras ng aksidente), ang mga kawani ng ospital ay mabibigay agarang tulong para sa serbisyong interpretasyon ng wika sa pamamagitan ng telepono o video, o kaya ay aktwal na interpretasyon sa lalong madaling panahon, kung kinakailangan.

- Upang masiguro ang kalidad ng serbisyong interpretasyon sa mga pampublikong ospital at klinika, ang HA ay nagtalaga sa pamamagitan ng mga kontratista ng mga pagsasanay para sa mga kawaning magbibigay ng serbisyo sa interpretasyon ng sapat na kaalaman tungkol sa operasyon ng mga ospital at klinika, mga medikal na termino at alituntunin sa pagkontrol ng impeksyon, nang sa gayon ay maibigay ng mga kawani sa interpretasyon at serbisyong kailangan ng iba't ibang lahi ng tama at maayos. Ang mga karatulang may iba't ibang wika ay nakapaskil din sa mga lugar na magaling

[1] Nagbibigay rin ng karagdagang serbisyo ang kontratista ng HA ng interpretasyon para sa sign language

makita ng mga ospital at klinika (hal. Mga lugar para sa katanungan at pagpaparehistro) upang ipalaganap ang pagtulong sa mga iba't ibang lahi na nangangailangan ng tulong upang maintinhidan kung paano magsagawa ng sulat ng kahilingan para sa serbisyong interpretasyon.

- Ang HA ay nagbigay ng mga panuntunan kung saan maaaring makakuha ng serbisyo para sa interpretasyon ng wika. Ang kawani ng HA ang syang makikipag-usap sa call center ng kontratista na bukas ng 24-oras upang isaayosang serbisyo sa lugar o a telepono ayon sa pangangailangan ng indibidwal o sa kahilingan ng pasyente.

- Upang mapangunahan ang komunikasyon ng gagamit ng naturang serbisyo mula sa ibang lahi sa mga ospital at klinika, ang HA ay magbibigay sa mga kawani ng ospital ng mga cue card para sa tamang pagsagot, mga talaan ng impormasyon para sa sakit, ang mga kasulatan ng pagtalima para sa mga pasyente, etc. sa iba't ibang wika upang mapaghusay pa ang komunikasyon sa pamamagitan ng mga kawani ng ospital at klinika at ng pasyente, at upang pangasiwaan ang pagpaparehistro at pagbibigay ng serbisyo. Ang mga dokumentong ito ay naglalaman ng mga impormasyon ng mga karaniwang sakit (hal. Sakit ng ula, sakit sa dibdib at lagnat), at mga pamamaraan ng paggamot (hal. Pagsasalin ng dugo, kaligtasan mula sa radiation) at mga detalye ng serbisyong ibinibigay ng HA (hal. Mga presyo, pagkategorya ng triage sa Kagawaran sa Aksidente). Ang HA ay magbibigay ng cue cards para sa tamang pagsagot, mga talaan ng impormasyon para sa sakit, at mga kasulatan ng pagtalima para sa mga pasyente sa 18 wika: Arabic, Bengali, French, German, Hindi, Indonesian, Japanese, Korean, Malaysian, Nepalese, Portuguese, Russian, Spanish, Tagalog (Philippines), Thai, Urdu at Vietnamese.

- Ang HA ay magsasagawa ng mga pagpupulong at pagsasanay tungkol sa kultura ng iba't ibang lahi at mga batas laban sa diskriminasyon sa iba't ibang pangkat ayon sa serbisyong kinakailangan. Ang HA

e-Learning center ay magbibigay ng e-courseware o mga aralin at paksa online tungkol sa pakikpag-komunikasyon sa iba't ibang lahi, kabilang na ang pagbibigay kaalaman tungkol sa kanilang kultura at tamang pagsasaayos ng serbisyon interpretasyon ng wika sa mga ospital. Kabilang sa mga kasali sa naturang pagsasanay ay ang mga kawani ng ospital na nakadestino sa lugar para sa mga katanungan sa ospital at klinika, mga nars at klerk. Bukod pa dito, ang mga importanteng impormasyon sa iba't ibang lahi ay isinasama sa pag-aangkop para sa mga bagong kawani. Sa yugto mula Abril 2020 hanggang Marso 2023, ang kabuuang bilang ng mga sumali sa naturang pagsasanay at e-courseware ay lampas 36 000.

Pagtatasa ng mga Parating na Trabaho

- Mayroong halos 7 408 at 8 105 na mga kaso kung saan ang serbisyong interpretasyon ng wika ay naibigay sa mga nangangailangan na ibang lahi sa mga pampublikong ospital at klinika sa ilalim ng pangangasiwa ng HA mula Abril 2021 hanggang Marso 2022 at Abril 2022 hanggang Marso 2023, ayon sa nabanggit na pagkakasunod. Ang mga puna mula sa mga gumamit ng serbisyo ay nagsasabing mahusay at katanggap tanggap ang serbisyo. Ang HA ay magpapatuloy na oobserbahan ang paggamit sa naturang serbisyo mula sa puna ng mga gumagamit nito.

Mga Karagdagang Alituntunin na Isinagawa / Gagawin

- Upang matugunan ang mga pangangailangan ng ibang lahi, espesyal na pagkain tulad ng Halal ay maaaring mabili sa mga ospital ng HA.
- Ang HA ay naglunsad ng website para sa iba't ibang lahi noong kalagitnaan ng 2015, na nagbibigay ng mga importanteng impormasyon mula sa kasalukuyang website ng HA sa 5 wika, kabilang na ang Hindi, Nepali, Punjabi (Indian), Punjkabi (Pakistani) at Urdu. Ang website ay mayroong impormasyon tungkol sa HA at mga serbisyo para sa aksidente, kabilang na ang address, numero ng telepono at oras ng konsultasyon para sa mga pangkalahatang klinika para sa pasyenteng hindi kailangan manatili sa ospital. Ang malawakang

pagbabago ng website ay nakumpleto noong Pebrero 2017 upang idagdag ang 3 pang karagdagang wika; ang Bahasa Indonesia, Tagalog at Thai, upang mas marami pang pangkat etniko ang makaintindi ng mga impormasyong ibinibigay ng HA.

- Ang website ng HA para sa Smart Patient (SPW) ay isang one-stop electronic platform para sa mga impormasyon tungkol sa pangangasiwa ng sakit at mga impormasyong pangkomunidad upang makapagbigay lakas sa mga pasyente at kanilang tagapag alaga. Upang matugunan ang pangangailangan ng iba't ibang lahi sa Hong Kong, naghanda ang HA ng pahina para sa impormasyon sa sakit sa SPW noong 2016 na nagbibigay kaalaman sa cancer, mga talamak na sakit at iba pang mga sakit sa 8 wika: Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi (Indian), Puunjabi (Pakistani), Tagalog, Thai at Urdu. Kabilang sa mga halimbawa ng mga impormasyon sa sakit ay ang sakit sa puso, mga talamak na sakit sa bato, Diabetes Mallitus, Dementia, pagtaas ng presyon, Stroke, iba't ibang uri ng Cancer at sakit sa pag-iisip. Mayroon din itong mga impormasyon upang maihanda ang mga pasyente ng tamang pag-aalaga tulad ng physiotherapy at pag-ehersisyo para sa mga pasyenteng nagkaroon ng stroke, mga payo upang magturok ng Insulin ay idinagdag. Ang HA ay magpapatuloy sa pagsasaayos ng SPW upang mapabuti pa ng mga tao mula sa ibang lahi ang pangangasiwa ng sakit at mapabuti ang kakayanang mapangalagaan ang sarili.

- Mula Marso 2019, ang mga kahilingan para sa interpretasyon at mga piniling wika ng mga pasyente na may ibang lahi sa mga espesyal na klinika para sa mga pasyenteng di kailangan manatili sa ospital ay naitala sa Patient Master Index, upang mapahusay pa ng mga kawani ang pagbibigay atensyon sa mga pangangailangan ng mga pasyente, at mapahusay ang mga pamamaraan ng pagbibigay serbisyo para sa interpretasyon ng wika para sa mga pasyente.

- Ang HA ay magpapatuloy sa kanilang adhikain na pangasiwaan ang pagbibigay serbisyo sa mga tao mula sa ibang lahi ng serbisyo para sa pampublikong kalusugan at magpapatuloy sa pagpapahusay ng pagbibigay ng nararapat na suporta at alituntunin ayon sa pangangailangan.

Para sa mga katanungan na may kinalaman mga umiiral at panukalang alituntunin para sa pagpapalaganap ng pantay pantay na pagtingin sa iba't ibang lahi, maaaring tawagan ng Opisina ng Awtoridad ng Ospital sa pamamagitan ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Telepono no. | : | (852) 2300 6555 |
| Fax no. | : | (852) 2890 7726 |
| Email | : | enquiry@ha.org.hk |
| Postal Address | : | Hospital Authority Building<br>147B Argyle Street<br>Kowloon<br>Hong Kong |

**Awtoridad ng Ospital**
Mayo 2023